
## Paglikha ng Parent Portal Account

1. Buksan ang web browser (Firefox, Safari, o Internet Explorer), at gamitin ang adres na ito: **powerschool.sandi.net**
   Ang skren ay magiging:




2. I-klik ang **Create Account** sa ibaba ng skren (huwag maglagay ng anuman sa alinmang blangko). Ang skren ay magiging:




3. Sa lugar na Create Parent Account sa itaas ng skren, ilagay ang *iyong* pangalan, emayl adres, ang nais na Username na iyong gagamitin tuwing papasok sa Parent Portal, at Password na gagamitin tuwing ikaw ay gagamit ng Parent Portal.
   Ang password ay dapat na binubuo ng 7 letra/numero o higit pa. Tatandaan ito dahil gagamitin ito tuwing papasok sa PowerSchool Parent Portal.

4. Ilagay ang pangalan ng inyong mag-aaral, Access ID, at Access Password. (Ang Access ID at Access Password ay ibibigay ng paaralan ng inyong mag-aaral.) Piliin ang iyong kaugnayan sa mag-aaral sa drop-down menu. Kung mayroon kayong ibang anak na pumapasok sa San Diego Unified School district, ipasok ang kanilang mga pangalan, Access IDs, Access Passwords, at ang inyong kaugnayan.

5. I-klik ang **Enter**.
   Magbabago ang skren sa sumusunod:




## Pagpasok sa inyong Bagong Account sa Unang Pagkakataon


6. Sa blankong lugar na **Username**, ilagay ang Desired Username na inyong nilikha. .

7. Sa blankong lugar na **Password**, ilagay ang password na inyong nilikha.

8. I-klik ang **Sign In**.

## Pagpasok sa inyong Account Pagkatapos ng Unang Pagkakataon

1. Magbukas ng web browser (Firefox, Safari, or Internet Explorer), at pumasok sa web address na: **powerschool.sandi.net**
   Ang skren ay magiging:




2. Sa blankong lugar na **Username** sa itaas ng skren, ilagay ang Desired Username na inyong nilikha.
3. Sa blangkong lugar na **Password**, ilagay ang password na inyong nilikha.
4. I-klik ang **Sign In**.

## Ano ang inyong Paggagamitan Ngayon sa PowerSchool Parent Portal!

**Muling Pagpalista**
Maaari ninyong gawin ang San Diego Unified School District Pre K through 12 Re-enrollment form *electronically*.

## Mga Parating na Maaaring Paggamitan sa PowerSchool Parent Portal

**Pagpasok sa Paaralan**
Makikita ang kabuuang pagpasok sa paaralan at ang attendance grid sa buong pasukan.

**Mga Komento ng Guro**
Makikita ang mga komento ng mga guro ng inyong mag-aaral.

**Kasaysayan ng mga Marka**
Makikita ang mga marka, puntos sa takdang-aralin, marka sa pagkamamayan, at oras ng kapakinabangan ng inyong mag-aaral.

**Transkrip**
Makikita ang cumulative transkrip ng inyong mag-aaral sa mataas na paaralan.

**Pagbigay-alam sa Emayl**
Tatanggap ng pagbigay-alam sa emayl mula sa paaralan.

**Pagpapahayag ng Paaralan**
Mababasa ang mga pagpapahayag araw-araw.

**Mga Kalendaryo**
Magsubskrayb sa mga takdang-aralin, mga puntos, at pinakahuling kalendaryo ng baitang (iCal calendar/) ng inyong mag-aaral.

**Mga Nais sa Account**
Palitan ang inyong mga pansariling kaalaman, at idagdag ang mga mag-aaral sa inyong account.

## Gabi ng Pagbibigay Kaalaman Tungkol sa PowerSchool Portal!

Halina at matuto tungkol sa pinakabagong karagdagang teknolohiya sa paaralan ng inyong anak!

Magkaroon ng paraang malaman ang pinakahuling pagsulong sa pag-aaral ng inyong mag-aaral sa paggamit ng PowerSchool, isang sistemang maaari ninyong magamit kaagad na nagbibigay-kaalaman sa mga marka at takdang-aralin ng inyong mag-aaral sa internet

Upang higit na matuto, samahan kami sa:

[Date]

[Time]

[Place]

Sa karagdagang kaalaman, tawagan si **[NAME]** sa **[NUMBER OR EMAIL]**

Pangalan ng Mag-aaral ________________

Access ID: ___________________________

Access Password: _____________________